

OPISYAL NA PAHAYAG

Abril 16, 2021

Kontak: Lungsod ng Long Beach, Pinagsamang Setro ng Impormasyon, 562.570.NEWS (6397),
jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Pinapahayan ng Long Beach na Tumaas ang Kapasidad Para sa mga Pribadong Pagtitipon, Panloob na Live na Kaganapan na may mga Paghihigpit simula sa Abril 16

Long Beach, CA - Ang Kagawaran ng Pangkalusugan at Serbisyong Pantao ng Lungsod ng Long Beach ay naglabas ng isang na-update na Utos para sa Kalusugan na epektibo ngayon at pinapayagan ang mga panloob na mga nakaupong live na mga kaganapan at mga panloob na operasyon para sa pampamilyang libangan at mga pagbabago sa mga pribadong pagtitipon.

Isang pangkalahatang ideya ng binagong [Health Order](#), at alinsunod sa binagong gabay sa inisyu ng Estado ay nakalathala sa ibaba. Ang mga sumusunod na pagtitipon, aktibidad at kaganapan ay maaaring ipagpatuloy simula sa 11:59 ng hapon ngayong araw na ito, Abril 6, na may pagsunod sa kinakailangang pagbabago at iba pang mga kinakailangan sa Estado. .

Panlipunana at Impormal na mga (hal. Pamilya at mga kaibigan)

Ang mga patitipong ito ay hindi nangangailangan ng mga tinukoy na listahan ng mga bisita, bayad sa pagpasok o mga tiket.

- Kapag nasa labas ay ang maximum na 50 mga katao
- Kapag nasa loob, ang maximum na 25% porsyento ng kapasidad sa mga lugar na may mga limitasyon sa kapasidad o 25 mga tao alinman ang mas kaunti. Ang pagkain o inumin sa loob ng bahay ay ay matinding hindi hinihimok.
- Ang panloob na pagtitipon ay mananatiling matinding hindi hinihimok
- Kinakailangan ang mga takip sa mukha na may ilang mga pagbubukod para sa mga taong ganap na nabakunahan na alinsunod sa Patnubay ng CDPH sa Mga Rekomendasyong Pangkalusugan sa Covid-19 para sa mga taong buo nang nabakunahan.

Mga Pribadong Lugar at Kaganapan (Hal. Mga pagpupulong/pagtanggap/kompresensya)

Ang mga pagtitipong ito ay nakikilala mula sa iba pang mga pagtitipon na ang mga kaganapang ito ay dapat magkaroon ng isang tinutukoy na listahan ng mga bisita at may kakayahang magtalaga ng pagkakaupo para sa mga panauhin. Ang mga Pribadong Lugar at Kaganapan ay napasailalim sa mga sumusunod na panuntunan:

- Mga nabili nang mga tiket o mga tinukoy nang listahan
- Mga tsart ng upuan o mga nakatalaga nang mga upuan
- Walang magkakasamang pakikisalamuha ng maraming mga pribadong kaganapan

Mga Limitasyon sa Kapasidad:

- Kapag nasa labas: Isang maximum na 100 mga tao.
- Ang Kapasidad ay tumataas sa maximum na 300 daang katao kung ang lahat ng mga bisita ay may patunay ng isang negatibong resulta ng COVID-19 na isinagawa O patunay ng buong pagbabakuna.
- Kapag nasa loob ang isang maximum na 150 katao kung ang lahat ng mga bisita ay may katibayan ng isang negatibong resulta ng COVID-19 na isinagawa sa loob ng 72 oras bago ang kaganapan O katibayan ng buong pagbabakuna
- Lahat ng mga dadalo ay dapat magsuot ng takip sa mukha maliban kung aktibong kumakain o umiinom. Ang mga bisitang hindi sumusunod ay dapat na alisin agad mula sa kaganapan. Dapat magsanay ang mga dadalo ng pisikal na distansya ng 6 na talampakan o higit pa.

Mga Indoor na Seating Live na mga Kaganapan

Napapailalim sa mga sumusunod na kinakailangan ang mga panloob na nakaupong live na kaganapan at mga pagganap:

- Sa mga bisita lamang ng estado
- Programa para sa Lingguhang pagsusuri ng mga manggagawa
- Lahat ng mga tiket ay dapat maipadala ng digital at kinakailangang mabili ng mas maaga
- Ang pagkain at inumin ay dapat mangyari sa mga paunang itinalagang mga lugar na kainan (hindi pinapayagang kumain at uminom sa mga upuan) na may 6 na talampakan ang distansya

- Ang mga suite ay limitado sa 25% porsyento na kapasidad na may maximum na tatlong sambahayan o anim na tao mula sa parehong sambahayan
- Mga lugar na may kapasidad na 0-1,500
- Ang maximum na kapasidad ay 15% porsyento o 200 na katao alinman ang mas kaunti
- Ang kapasidad ay maaaring tumaas sa 35% porsyento kung ang lahat ng mga bisita ay may patunay ng isang negatibong resulta ng Covid-19 na isinagawa sa loob ng 72 oras bago ang kaganapan O katibayan ng pagbabakuna sa trangkaso
- Mga lugar na may kapasidad na 1,500 o higit pa
- Ang maximum na kapasidad ay 10% porsyento o 2,000 katao kung alinman ang mas kaunti pero may mga pagbabago
- Ang kapasidad ay maaaring tumaas sa 35% porsyento kung ang lahat ng bisita ay may patunay ng isang negatibong resulta ng Covid-19 na na isinagawa sa loob ng 72 oras bago ang kaganapan O katibayan ng buong bakuna.
- Lahat ng mga dadalo ay kinakailangang magsuot ng pantakip sa mukha maliban na lang kung nakain or nainom. Ang lahat ng mga dadalo ay kinakailangan na sundin ang pisikal na 6 na pulgada ang layo ang distansya.

Paglililaw sa Kapasidad ng Tingian at Protokol ng Pamilihan

Ang kapasidad ay limitado sa dami ng mga tao na maaaring pisikal na mag-distansya ng 6 na pulgada o mas mataas sa isang panloob na pasilidad o panlabas ng lugar.

Paglililaw sa mga Hair Salon at Serbisyo sa Personal na Pangangalaga

Ang mga kalasag sa mukha ay ibinibigay sa trabaho at kinakailangang suot ng mga empleyado kapag naghahatid sa mga kostumer na hindi nagsusuot ng tela na takip sa mukha habang tumatanggap ng serbisyo. Isusuot ang mga kalasag sa mukha bilang karagdagan sa pantakip sa mukha. Ang mga takip sa mukha ay pinoprotektahan ang iba pa mula sa mga droplet ng tagasilbi at ang mga kalasag sa mukha ay pinoprotektahan ang mga tagasilbi sa mga droplet ng iba.

Ang mga negosyo o mga sektor na pinahihintulutang magpatakbo sa loob na alinsunod sa Long Beach Safer-At-Home Health order na maaaring magsimula sa isang maximum na 50% porsyento ng kabuuang kapasidad sa mga lugar kung saan ang lahat ng mga kasali ay ganap na nabakunahan na o nagpapakita ng patunay ng isang negatibong Covid-19 na naisagawa sa loob ng 72 oras bago ang pagdating ng araw. Ang mga sektor at negosyo na apektado ng pagbabagong ito ay may kasama ngunit limitado sa mga gym at fitness senter at mga winery, mga brewery, at mga distileriya.

Paglilinaw para sa mga May-ari ng mga Kainan, Restawran, mga winery, mga Brewery at mga Distileriya

Ang mga mesa na matatagpuan sa mga panloob at panlabas na mga lugar na kainan ay pinaghihiwalay ng hindi kukulangin sa 6 na talampakan na sinusukat mula sa likuran ng mga upuan na mga nakaupong parukyano sa isang katabing lamesa.

Ang mga may-ari ng negosyo ay maaaring tumawag sa BizCare Hotline ng Lungsod sa 562.570.4BIZ (4249), araw-araw mula alas 8 ng umaga hanggang alas 5 ng hapon. Ang pagpapatakbo ng negosyo sa ilalim ng mga binagong protokol na ito ay kinakailangan upang maunawaan ang patnubay at ipatupad ang lahat ng mga hakbang sa kaligtasan. Basahin lahat ng mga pagbabago tungkol sa health order sa [here](#).

Hinihimok ng lungsod ang bawat isa na maging ang mga nakatanggap na ng mga bakuna sa Covid-19 na maging mapagbantay sa pagsasagawa ng lahat ng mga protokol na pangkalusugan at pangkaligtasan na nakabalangkas sa Health order, kasama na ang pagsusuot ng pantakip sa mukha at pagpapanatili ng wastong pisikal na pormang distansya sa iba.

Ang mga taong ganap na nabakunahan mula sa Covid-19 ay maaaring bumisita kasama ang iba pang mga ganap na nabakunahan na mga tao sa loob ng bahay nang walang maske o sundin ang pisikal na distansya sa mga pribadong kapaligiran lamang. Ang mga taong buong nabakunahan mula sa Covid-19 ay maaari ring bisitahin ang mga hindi nabakunahan na mga tao mula sa solong sambahayan na may mababang panganib para sa matinding Covid-19 na karamdaman sa loob ng bahay nang hindi nagsusuot ng maske o sundin ang pisikal na distansya sa mga pribadong kapaligiran lamang.

Para sa mga bagong impormasyon tungkol sa Covid-19 at mga detalye sa lahat ng mga ginagawa ng Lungsod ng Long Beach upang mapanatili ang kaligtasan ng mga residente, bisitahin ang, [visit longbeach.gov/COVID19](http://visit.longbeach.gov/COVID19) at sundan sa [@LongBeachCity](#) sa Facebook, Twitter at Instagram.

###